

Binuod na Impormasyon ukol sa Quasi-State of Emergency (Binago)

Lugar Buong Hokkaido **Panahon** Marso 7, 2022 (Lunes) ~ Marso 21, 2022 (Linggo)

Detalye Upang mapigilan ang muling pagdami ng mga bagong kaso ng impeksyon at mabawasan ang pasanin ng mga medical na institusyon, hinihiling na ipatupad ang pangunahing hakbang laban sa mas malakas na makahawang ibang omicron variant (BA2) na napag alaman na may bagong kaso.

1 Mga kahilingan

- Paglabas ng Tahanan**
- Iwasang pumunta sa mataong lugar o Lugar na Malaki ang peligro na mahawa
 - Iwasang bumiyahe sa ibang Preperectura kung walang mahalagang o biglaang pakay
- Pagpunta sa Kainan/ Inuman**
- Iwasang pumunta sa mga restwran, bar at iba pagkalipas ng oras na nabago ayon sa kahilingan
 - Pumunta sa restwaran, bar at iba pa sa kaunting bilang na di lalagpas sa 4 na tao, maikling oras, huwag uminom nang maraming alak, huwag sumigaw at magsuot ng mask kung magsasalita

2 Kahilingan sa mga Lugar ng Kainan/ Inuman

- Oras ng serbisyo at pag serve ng alak
 - [Sertipikado] ① Oras mg serbisyo: 5 am ~ 8 pm, Pag sereve ng alak: 11 am ~ 8 pm o kaya ay ② Oras mg serbisyo: 5 am ~ 8 pm, Hindi mag se serve ng alak
 - [Hindi Sertipikado] Oras mg serbisyo: 5 am ~ 8 pm, Hindi mag se serve ng alak
- Pag papaupo ng hanggang 4 na tao sa isang mesa ng isang grupo
 - ※Hindi magsasagawa ng Sistema ng Pagkuha ng Test sa bawat isa
- Kung gagamit ng Karaoke, iwasang maging malapit ang distansya sa bawat isa at siguraduhin na may wastong bentilasyon

[Halagang ibibigay sa makikisang Restawran, bar at iba pa] Marso 7 ~ Marso 21 Buong panahon (15 araw) na pakikiisa

[Sertipikado] 【Kung tulad ng ①】 Small/Medium • Solong may ari: Sa 1 shop ay 375,000~1,125,000 yen, Korporasyon: Sa 1 shop ay maximum 3,000,000 yen

【Kung tulad ng ②】 Small/Medium • Solong may ari: Sa 1 shop ay 450,000~1,500,000 yen, Korporasyon: Sa 1 shop ay maximum 3,000,000 yen

[Hindi Sertipikado] Small/Medium • Solong may ari: Sa 2 shop ay 450,000~1,500,000 yen, Korporasyon: Sa 1 shop ay maximum 3,000,000 yen

3 Limit para sa mga Event

○ Maximum o Rate ng Capacity

[Ligtas na plano upang maiwasan ang impeksyon] Maximum 20,000 katao, hanggang 100% ng capacity

[Maliban dito] Maximum 5,000 katao, 50% ng capacity (maaaring sumigaw) o kaya ay 100% (Hindi maaaring sumigaw)

※Hindi magsasagawa ng Sistema ng Pag kuha ng Test o Bakuna

○ Oras ng Serbisyo: hanggang 9 pm, Pag serve ng alak: hanggang 8 pm

4 Kahilingan sa Malalaking Pasilidad

○ Masidhing pagsasagawa ng pangunahing hakbang panlaban sa impeksyon sa oras ng pagpapasok ng mga dadalo

○ Kung gagamit ng karaoke, iwasan ang malapit na distansya sa bawat isa at siguraduhing wasto ang bentilasyon

5 Kahilingan sa Pakikiisa ng mga Negosyante

○ Upang mabawasan ang bilang ng mga papasok sa opisina, Magsagawa ng Remote (Telework) o pagkuha ng off at pagpasok nang magkaibang oras

○ Para sa planong pagpapatuloy ng negosyo, nararapat ang pagsusuri, pormula na hindi makakasagabal sa pagpapatuloy ng negosyo.

○ Masidhing pagsasagawa ng mga hakbang sa mga nursery tulad ng pagsusuot ng mask ng mga tauhan nito at hatiin sa kaunting bilang ng mga aalagaang bata

6 Kahilingan sa Eskwelahan

○ Pag isipang mabuti ang tungkol sa Educational Tour at iba pang aktibidades na may malaking peligro ng impeksyon, Huwag magbiyahe sa mga lugar sa nasa ilalim ng Quasi-State of Emergency.

○ Ang “Bukatsu” at iba pang aktibidades ay isagawa ayon sa mga pangunahing hakbang panlaban sa impeksyon, kung kinakailangang ikansela ito, huwag gumawa ng sariling desisyon na mag ensayo sa ibang eskwelahan.